

MODYUL NG MGA SUPLEMENTAL NA BABASAHIN BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOBELA AT PAGPAPAYAMAN NG TALASALITAAN

ROSALIE H. NANAD¹

IMELDA G. CARADA, PhD²

16-s-fil-203@lspu.edu.ph¹

imelda.carada@lspu.edu.ph²

0000-0001-7317-0340¹

0000-0003-3843-2653²

Lucena City National High School, Lucena City, Philippines¹

Laguna State Polytechnic University, San Pablo City, Laguna, Philippines²

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng modyul ng mga suplemental na babasahin bilang kagamitang pampagtuturo ng nobela at pagpapatalas ng talasalitaan ng mga mag-aaral na may kabuuang bilang na isandaan tagasagot mula sa ika-sampung baitang ng Lucena City National High School. Sa pag-aaral na ito binibigyang katugunan ang mga sumusunod na katanungan: Ano ang profayl ng mga tagasagot batay sa edad, at kasarian; antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa paggamit ng mga modyul ng mga suplemental na babasahin bilang kagamitang pampagtuturo ng nobela batay sa layunin, nilalaman, disenyo ng materyal at dating sa gagamit; pananaw ng mga tagasagot sa modyul ng mga suplemental na babasahin bilang kagamitang pampagtuturo ng nobela batay sa layunin, nilalaman, disenyo ng materyal at dating sa gagamit; kakayahan ng mga tagasagot sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa kahulugang idyomatiko at patambis; May makabuluhang kaugnayan ba ang profayl ng mga tagasagot sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa kahulugang idyomatiko at patambis; at may makabuluhang kaugnayan ba ang modyul ng mga suplemental na babasahin bilang kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng nobela at pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral? Ang pamamaraang deskriptib ang ginamit ng mananaliksik upang makalap ang mahalaga at makatotohanang impormasyon na kinakailangan sa pag-aaral. Ang istatistikal na pamamaraan na ginamit sa pagsasaliksik ay weighted mean at standard deviation para sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa paggamit ng modyul ng mga suplemental na babasahin. Upang maipakita ang makabuluhang kaugnayan at pagkakaiba ng paggamit ng modyul bilang kagamitang pampagtuturo sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa kahulugang idyomatiko at patambis ay ginamit ng mananaliksik ang Frequency at Colleration (Pearson r). Sa kinalabasan ng pag-aaral, sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa paggamit ng modyul ng mga babasahin bilang kagamitang pampagtuturo ng nobela at pagpapayaman ng talasalitaan. Nasa mahusay na lebel ang mga mag-aaral sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa kahulugang idyomatiko at napakahusay na lebel naman sa kahulugang patambis. Batay sa naging resulta tanggap ang unang hinuha sa pag-aaral na ito sapagkat walang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga tagasagot sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa kahulugang idyomatiko at patambis at tanggap ang ikalawang hinuha na may makabuluhang kaugnayan ang modyul ng mga suplemental na babasahin bilang kagamitang pampagtuturo ng nobela at pagpapayaman ng talasalitaan batay sa pakahulugang idyomatiko at walang makabuluhang kaugnayan naman sa kahulugang patambis.



Mga susing salita: Modyul, Supplemental na Babasahin, Kagamitang Pampagtuturo, Nobela, Talasalitaan.